

1

“Feeling ko, ngayon ko makikilala ang lalaking magpapatibok sa aking puso,” nakangiting pahayag ni Leona sa kaibigan habang hinihintay ang pagtigil ng mga sasakyan upang makatawid na sila sa kabilang kalsada na kinaroroonan ng hospital na pinagtatrabahuhan nila.

“Nangangarap ka na naman,” irap ni Mae. Sanay na ito sa mga pananalitang iyon ng dalaga. Araw-araw na lang ay umaasa siyang makikilala ang lalaking mamahalin niya habambuhay.

Nagkibit-balikat siya, pagkuwa’y bahagyang inayos ang puting uniporme. Isa siyang dedicated staff nurse ng *St. Luke’s Medical Center*. Service to humanity ang goal niya sa buhay kahit corny iyon para sa iba. Talagang kaligayahan na niya ang makatulong sa mga maysakit.

Sa wakas ay tumigil ang mga sasakyan. Balak na nilang tumawid nang isang magarang kotse ang mabilis na sumingit sa jeepney sa harapan nito, dahilan para matilamsikan sila ng putik. Huminto naman kaagad ang sasakyan sa harapan nila.

“Oh, my God, ang pinakaiingat-ingatan kong uniform!” bulalas ni Leona habang tila awa-awang nakatingin sa suot.

Bumaba ang driver ng sasakyan at lumapit sa kanila. “I’m sorry, Miss,” saad nito. “Nakalimutan kong itong hospital na pala ang sadya ko kaya bigla akong napapreno.”

Balak niya sanang magtaray subalit nang mapagmasdan ang mukha ng nagsasalita ay bigla siyang natigilan. Maging si Mae ay napatulala.

Guwapo ang binata; makisig ito, matangkad at malinis tingnan. Nang isuklay nito ang mga daliri sa tuwid na buhok ay lalo pa siyang napahanga sa hugis-puso nitong mukha.

Dumukot ng panyo ang binata at masuyong pinahid ang kaunting dumi sa uniporme niya. Napapikit siya at hindi napigilan ang mapabuntunghininga. Mabilis siyang siniko ni Mae nang makita siya nitong nakapikit dahil nakatingin na pala sa kanya ang binata.

“I’m sorry again,” nakangiting sabi nito. Nalantad ang mapuputi at pantay-pantay nitong ngipin.

“I-it’s all right,” mahinang tugon niya, medyo pinaganda ang boses.

“Bye.” Tumalikod na ito patungo sa sasakyan.

Nakatingin siya rito habang tumatawid. Pagliko ng sasakyan nito patungo sa hospital ay nakasunod pa rin ang mga mata niya rito.

“Ang guwapo niya, Mae!” kinikilig niyang sabi.

“Alam ko na ang susunod mong sasabihin,” ngiti nito. “Siya na ang lalaking hinihintay mo. Naku, Leona! Maanong tumigil ka na sa mga pantasya mo. Huwag mo nang asahan ang pagdating ng prince charming sa buhay mo. Darating iyon kapag hindi mo inaasahan. Eh, ni hindi man lang nga nagpakilala sa iyo ’yung tao, ’no!”

“Basta, ang guwapo niya! Sana magkita kaming muli. Ako na ang magpapakilala sa sarili ko.”

May kapatid na young surgeon si Leona sa *Medical Arts Building* ng *St. Luke’s*. Ipinasya niyang dumaan muna rito upang ayusin ang sarili. Alas dos pa naman ang shift niya at nakagawian na niyang pumatay ng oras sa clinic ng kapatid.

Laking gulat niya nang mabungarang kausap ng ate niya ang binata na nakatilamsik ng putik sa kanya. Tila nagpapakonsulta ito.

“Hi, Leona!” bati ng kanyang kapatid na si Anabelle. Matanda ito sa kanya ng limang taon. Twenty-eight na ito subalit batang-bata pang tingnan sa galing nitong magdala ng sarili.

Maganda rin naman si Leona ngunit kulang siya sa ayos. Minsan nga ay nakakalimutan na niyang magsuklay kapag masyadong marami ang kanyang trabaho.

“Hey, Jimbo, I would like you to meet my younger sister, Leona. She’s a staff nurse at the surgical ward.”

“Oh, she’s your sister!” anito, sabay tampal sa sariling noo. Namukhaan siya kaagad nito.

“Kilala mo na siya?” takang tanong ni Anabelle.

Isinalaysay nito sa doktor ang insidenteng kinasangkutan ni Leona. Mataman naman niyang pinagmamasdan ang bawat galaw ng labi ni Jimbo. Muli ay hindi niya mapigilan ang malakas na pagkabog ng dibdib. Pakiramdam niya ay dinig na iyon ng binata.

“Pasensya ka na ulit, ha?” baling nito sa kanya.

Isang matamis na ngiti ang itinugon niya rito. Simpleng-simple siyang tingnan sa nakapusod na buhok at manipis na makeup sa mukha. Kabaligtaran

siya ng kanyang kapatid na laging postura.

“And so, medical courses are common in your family?” tanong ni Jimbo, sabay baling kay Anabelle.

“At sa inyo rin, di ba?” ngiti ng doktor.

“It just happens na may sariling hospital ang mga magulang ko,” tugon nito. Sa gulang na twenty-six ay patapos na rin ito ng kursong Medicine.

Hindi na ito muling bumaling sa kanya kaya minabuti niyang tumuloy na sa private room ng kanyang ate. Mula sa nakasiwang na pinto ay pasimple niyang pinagmasdan ang binata.

“May sarili kayong hospital pero dito ka pa nagpapakonsulta sa akin,” natatawang sabi ni Anabelle. “The truth is, wala akong makitang diperensya sa ’yo.”

“Gusto kitang makita,” deretsang sabi nito. “Alam mo namang mula nang mag-conduct kayo ng seminar sa amin ay hindi ka na mawala sa isip ko.” Kung titingnan ang hitsura ng binata ay hindi mawawari kung seryoso ito o nagbibiro lamang. Masayahing tao kasi si Jimbo at kung minsan ay may pagkabolero.

“Here we go again,” iling ni Anabelle. “Kung wala kang ibang magawa, you better leave. Marami

pa akong mga pasyenteng naghihintay sa labas.”

“I’m one of your patients kaya you have to give me time and attention, too,” pangungulit nito.

“Shut up, young man. Saka na tayo magkuwentuhan.” Itinuro ng doktor ang pintuan.

“Sabi ko na sa ’yong hindi na ako bata.”

“Okay, okay. But will you please leave now? I’ll have lunch with you, I promise. Just leave, okay?”

“That’s my girl! I’ll be here at twelve o’clock sharp.” At saka na ito tumalikod paalis.

Iiling-iling na sinundan ito ng tingin ni Anabelle.

“Is he a patient or a suitor?” usisa ni Leona nang makaalis si Jimbo.

“I don’t know,” tugon ng ate niya. “Makulit lang talaga siguro siya. Mula nang mag-conduct ako ng seminar sa kanila’y hindi na niya ako nilubayan.”

“May gusto nga siya sa ’yo, Ate,” ingos niya.

Kibit-balikat ang itinugon nito.

“Hindi pa ako kumakain,” sabi niya. “Sasama ako sa inyo ni Jimbo.”

“Bahala ka.”

Ginulat si Leona ng mga katok sa pinto.

“Come in,” sabi niya habang nakaupo sa mesa ni Anabelle at nilalaro ang stethoscope nito.

Pumasok si Jimbo. “Hi!” ngiti nito.

Bigla niyang ibinaba ang stethoscope sa mesa at inayos ang pagkakaupo. “I-ikaw pala,” mahinang sabi niya. “Maupo ka.”

“Thank you. Si Anabelle?”

“Nag-rounds pa siya. She’ll be here in a few minutes.”

“I see.” Binuklat nito ang magazine sa ibabaw ng sofa.

Sandaling namayani ang katahimikan. Pasulyap-sulyap lang siya sa binata.

“Bakit nga pala hindi ka na rin nagdoktor?” biglang tanong nito.

“H-ha? Hindi kasi ako kasing-sipag mag-aral ng ate ko at saka madali akong magsawa sa isang kurso. I mean, mas gusto ko na ’yong madaling matapos.”

“May boyfriend na ba ang ate mo?” pag-iiba nito

ng usapan.

“Meron na,” mabilis niyang tugon.

“Totoo?”

Tumango siya.

Nagkibit-balikat ito. “It doesn’t matter.”

Napaingos siya sa sinabi nito. Waring matindi ang tama nito sa kanyang kapatid at wala itong pakialam kahit may kasintahan na ang babae.

Ilang sandali lamang ay dumating na si Anabelle. Magkakasama silang kumain sa canteen ng hospital.

Maasikaso si Jimbo. Ito pa mismo ang naglalagay ng pagkain sa pinggan ni Anabelle. Inggit na nakamasid lang si Leona. Gusto man niyang titigan ang binata ay minabuti niyang ibaling na lamang ang pansin sa kinakain. Hindi niya gusto ang paglalambing na ginagawa nito sa kanyang kapatid. Wala ba siyang appeal at hindi siya nito pinapansin?

Hindi niya napigilan ang sariling muling sulyapan ang binata. Tuwid na nakatitig ito kay Anabelle. Inis na binitbit niya ang bag at walang paalam na umalis.

“Leona!” tawag ni Anabelle.

“Marami pa akong gagawin, Ate,” sabi niyang

hindi lumilingon. “Bye!”

“Tingin ko’y may pagkasuplada ang kapatid mo,” nakangiting komento ni Jimbo nang makaalis si Leona.

“Gan’on lang talaga ’yon. Palibhasa’y frustrated sa kanyang unang boyfriend.”

“What happened?” usisa pa nito.

“Nag-asawa ng iba ’yung lalaki. From that time on, hindi na siya nagkaroon ng boyfriend. Ibinuhos niya ang kanyang atensyon sa trabaho. By the way, she’s a candidate for head nurse.”

“Talaga? That’s great.”

Nang gabing iyon, nasa isip ni Leona si Jimbo habang pinagmamasdan niya ang sarili sa harap ng salamin. *Maganda naman ako. Pero mas ma-appeal lang siguro ang Ate. Oh, Jimbo, sana’y mapansin mo rin ako!*

Dumapa siya sa kama na nag-iisip pa rin nang gulantangin siya ng pagtunog ng telepono. Mabilis niya iyong sinagot, sabay dalangin na si Jimbo ang tumatawag. At hindi naman siya nagkamali.

“Gising pa ba si Anabelle?” tanong nito.

“I’m sorry, pero kanina pa siya natutulog,” pagsisinungaling niya. “Kung gusto mo ng kausap, hindi pa naman ako inaantok,” nakangiti niyang mungkahi. Matapang siya pagdating sa telepono.

“Well, puwede na rin,” saad nito.

Nang biglang bumungad si Anabelle sa bulas na pinto. “Leona,” tawag nito.

“I heard someone calling you,” sabi ng binata sa kabilang linya.

“It’s my mom,” tugon niya. “Wait, okay?”

“Okay.”

Tinakpan niya ng kamay ang telepono at binalingan ang kapatid. “Huwag kang maingay, may kausap ako!” bulong niya.

“Sino? Ka-phone pal mo?” natatawang sabi nito. “Ikaw talaga, para kang teen-ager!” At saka ito tumalikod palabas ng silid.

Inalis niya ang kamay sa mouthpiece. “Hello, Jimbo, are you still there?”

“Yes, pero inaantok na ako, Leona.”

“Okay, ’bye!” Mabilis niyang ibinaba ang telepono. Napahiya siya. Pakiramdam niya, hindi siya gustong kausap nito. Ano bang mayroon ang ate niya na wala siya?

Nagpupuyos sa galit na humiga siya sa kama at nagtalukbong ng kumot hanggang sa abutan na siya ng antok.

“Anong oras kang nakatulog kagabi?” birong tanong ni Mae habang inihahanda ni Leona ang gamot ng kanyang pasyente sa drug counter.

“Anong oras ba sa tingin mo?” pormal niyang tugon.

“Mainit ang ulo mo dahil ang gusto ng prince charming mo’y ang ate mo, gan’on?” Natawa ito. Nang nakaraang gabi pa niya naikuwento rito ang tungkol kay Jimbo.

“Eh, ano naman?”

“Ows? If I know, halos madurog na ’yang puso mo.” Idinuro nito ang dibdib niya. “Alam mo kung bakit? Magaling mag-ayos ang ate mo. Eh, ikaw? Masyado mo kasing binuburo ang sarili mo sa pag-aalaga ng mga pasyente. Bakit hindi mo ako gayahin?”

Pa-easy-easy lang. Kulang ka sa socialization. Akala mo, bigla na lang lilitaw sa harapan mo ang magiging kasintahan mo.”

“Stop it, Mae!” malakas na sabi niya.

“Okay but—” Bigla ito natigilan nang may mamataan. “Leona, nakikita mo ba ang nakikita ko? Si Handsome, dumarating!”

Napahinto siya sa ginagawa at saka tumingin sa direksyon ng tinitingnan ng kaibigan. Nakangiting papalapit sa kanila si Jimbo na may dalang isang pumpon ng roses.

Sa katarantahan ay nabitawan niya ang medicine tray. Maingay iyong bumagsak sa sahig! Mabilis niyang dinampot iyon.

“Ano ka ba naman, Leona!” sisi ni Mae. “Napaka-ismarte mo pa namang nurse. Sa isang lalaki lang, natatanga ka na. Baka mamaya niyan, hindi mo na alam kung ano ang gamot na pinaiinom mo sa mga pasyente mo.”

“Shut up, Mae! He’s coming!”

“Hi!” bati ni Jimbo nang lubusang makalapit sa kanila.

Titig na titig siya sa mga dala nitong bulaklak.

Pinapangarap niyang sana ay sa kanya nito iyon ibigay.

“Naka-lock ang clinic ng ate mo,” sabi nito. “Hindi ba siya pumasok ngayon?”

“She’s in a seminar,” mahina niyang tugon.

“Ikaw na lang ang bahalang mag-abot nito sa kanya, puwede?” Akmang iaabot na nito sa kanya ang roses.

“I’m sorry but I don’t have time for that,” mataray niyang tugon, sabay talikod. Ipinagpatuloy niya ang ginagawa.

Natigilan si Jimbo. Mayamaya ay nakangiti nitong iniabot kay Mae ang roses. “If that’s the case, sa ’yo ko na lang ibibigay ang mga bulaklak na ’to.”

Mabilis namang tinanggap ni Mae ang mga iyon. “Sa akin na ’to?”

“Yeah.” Tumalikod kaagad ang binata paalis.

“Thank you, ha!” pahabol na sabi ni Mae.

“You’re welcome.”

Nakangiting kinalabit ni Mae ang kaibigan. “See? Sa akin na lang niya ibinigay.”

“I don’t care!” mariin niyang sabi.

“Inggit ka lang. Diyan ka na nga at baka hinihintay na ako ng mga pasyente ko.”

“Hoy, Bruha, sandali nga!” pigil ni Leona.

“O, bakit?” harap nito.

Hinalbot niya ang mga bulaklak. “Ibibigay ko na lang sa ate ko. Para sa kanya naman talaga ang mga ito, eh!”

“Alam mo, ang arte-arte mo!” ngiti nito.

“So what?” irap niya.

“Poor girl,” tudyo nito. “Walang gusto sa kanya ang kanyang dream boy. Masakit ba?”

Hinampas niya ito ng tangkay ng roses; natatawa ito habang humahakbang palayo.

2

Hindi nakarating ang roses kay Anabelle dahil inilagay ni Leona ang mga iyon sa flower vase sa kanyang kuwarto. Pinagmamasdan niya ang mga iyon bago matulog pero tuwing maaalala ang pagkagusto ni Jimbo sa kanyang kapatid ay bigla siyang sumisimangot.

Nang sumunod na araw ay muli siyang napadaan sa clinic ni Anabelle at tulad ng dapat asahan ay naka-istambay na naman doon si Jimbo. Nagbabasa ito ng diyaryo nang madatnan niya habang pinakikiharapan ng ate niya ang mga pasyente nito.

“Hi, Leona,” masayang bati nito nang makita siya.

“Hi,” malamig niyang tugon.

Iyon lang at muli na itong nagbasa. Sinulyapan niya si Anabelle at pagkuwa’y tumuloy siya sa silid. Pagdating doon ay sumilip siya at pinagmasdan si Jimbo mula ulo hanggang paa. Kay ganda nitong magdala ng damit.

Nang sa hindi sinasadya ay napatingin ito sa kina-roroonan niya, huling-huli siyang nakatitig dito.

Bago pa siya nakaiwas ay nakangiti na ito sa kanya.

“I-I like your shirt,” pagdadahilan niya. Ramdam niyang pinamumulahan ang kanyang mga pisngi.

Tiningnan nito ang suot. “Regalo ng daddy ko.”

Tumango siya at saka ipininid ang pinto.

Iiling-iling na ngumiti si Jimbo. Natutuwa ito kay Leona. Ipinagpatuloy nito ang pagbabasa. Mayamaya ay nakaramdam ito ng bahagyang sakit sa ibabang bahagi ng tiyan pero ipinagsawalang-bahala iyon.

Nang matapos si Anabelle sa mga pasyente ay muli itong nagpaunlak sa paanyaya ni Jimbo na kumain sa labas. Hindi na sumama si Leona dahil hindi naman siya inimbita ng binata.

Kinaligtaan niya ang matinding paghanga kay Jimbo nang nasa ward na siya at nakikipag-usap sa mga pasyente habang kinukunan ng blood pressure ang mga ito.

Hindi pa siya tapos sa kanyang routine nang bigla siyang hilahin ni Mae palabas ng kuwarto.

“Bakit ba?” nagtatakang tanong niya.

“Kagagaling lamang dito ng kaibigan nating taga-surgical room. May bagong pasyente raw ang ate mo

at ang guwapo. And guess kung sino 'yon?"

Naghihintay siya sa susunod nitong sasabihin.

"It's Jimbo with a ruptured appendix," balita nito.

"Oh, my God!" Nabitawan niya ang hawak na stethoscope. Walang pakialam na tinakbo niya ang surgical room sa second floor. Hindi rin niya naisip na hindi siya puwedeng pumasok nang hindi nagpapalit ng surgical gown at nagtuluy-tuloy siya sa loob. Hinanap niya sa white board ang pangalan ni Jimbo at ang kuwartong kinaroroonan nito.

Isang major surgery ang gagawin kay Jimbo. Hindi na siya puwedeng pumasok sa O.R. kaya nagkasya na lamang siya sa pagtanaw sa maliit na salamin sa itaas ng pintuan. Nakahiga na ang binata sa surgical bed, walang malay. Nakapaligid dito si Anabelle, isang anesthesiologist, scrub nurse at circulating nurse.

Napakagat-labi siya.

"Hey, Leona!" nakangiting sabi ng kaibigan nilang naka-duty roon. "What are you doing here? Hindi mo ba alam na bawal kang pumasok dito in that attire?"

"Ang yabang mo! Of course, I know," irap niya.

“So, what are you doing here?”

“Wala.”

“Ows? Gusto mo lang makita ang pasyente ng ate mo na super guwapo.”

“Shut up! He’s our friend.” Malungkot siyang bumalik sa ward.

“Leona, kanina ka pa hinahanap ng pasyente mo!” salubong ni Mae. “Inaatake na naman ng asthma!”

“Oh, no! Hindi ko pa naibibigay ang mga gamot niya!” Nagmamadali niyang tinakbo ang kuwarto ng pasyente.

After five hours sa surgical room at two hours sa recovery room, dinala na si Jimbo sa isang suite sa surgical ward.

“Who wants to be assigned to the newly admitted patient?” tanong ng head nurse.

Tumaas ng kamay si Leona. “Me, Ma’am,” lakas-loob niyang sabi.

“C’mon, Leona, napakarami mo pang mga pasyente,” sabi nito.

“But I can handle it!”

“Si Mae na lang,” sabi nito at saka tumalikod.

Tiim-bagang na sinundan niya ito ng tingin. Kahit kailan ay hindi siya nito ginawan ng pabor palibhasa ay candidate siya sa posisyong hinahawakan nito; temporary lamang ito sa ward na iyon. Ni hindi pa niya ito nakakasama nang matagal. Kailan lamang nalipat sa ibang ward ang dati nilang head nurse na siyang nagrekomenda sa kanya sa posisyong iyon.

Muli ay nagkasya na lamang siya sa pasilip-silip sa silid na kinaroroonan ni Jimbo.

Kinagabihan ay maraming mga bisita ang binata. Nandoon ang mga magulang at mga kapatid nito; naroon din si Anabelle.

Wala ang head nurse sa counter kaya inagaw ni Leona ang medicine tray na hawak ni Mae. “Let me do this,” bulong niya sa kaibigan.

“You’re the boss pero huwag ka lang magpapahuli,” ngiti nito. “I’ll be in one of my patients’ rooms.”

Kumakabog ang dibdib niya habang tinutungo ang suite na kinaroroonan ni Jimbo.

“Oh, here’s my sister!” nakangiting sabi ni Anabelle nang pumasok siya. Ipinakilala siya nito sa

mga taong naroroon.

Ibinaba niya ang medicine tray sa side table ng hospital bed.

“A-are you my nurse?” mahinang tanong ni Jimbo. Bahagyang nakataas ang uluhang parte ng kama nito.

“H-hindi,” kinakabahan niyang tugon. “May... ginagawa lang si Mae kaya nakiusap siya sa akin na ako na muna ang magdala ng mga ito.”

“Sana ikaw na lang ang nurse ko,” sabi nito.

Lumundag sa tuwa ang puso niya sa narinig.

“Why didn’t you take up Medicine?” tanong ni Dra. Rosales sa kanya. Ina ito ni Jimbo.

Hindi siya tumugon. Hindi niya alam kung ano ang isasagot kaya ngumiti na lang siya.

“Hindi raw siya kasing-sipag kong mag-aral,” natatawang sabad ni Anabelle.

“Nurses are so caring,” sabi ni Dr. Rosales. “I’m a doctor myself pero I believe that to be the truth. Mas maraming oras ang ginugugol ng nurses sa tabi ng pasyente. Ibig sabihin, they have a lot of hand in the patient’s recovery. Ano’ng masasabi n’yo?” baling

nito sa asawa at pagkuwa'y kina Anabelle at Jimbo.

“No comment,” tawa ng binata.

“Anyway,” singit ng ina nito, “it doesn’t matter kung hindi na si Leona ang maging nurse mo, Hijo, dahil ililipat ka na namin sa hospital natin.”

“No way, Mommy!” tanggi nito. “You know this hospital is one of the best in the country. I have a good and beautiful doctor and of course, a beautiful nurse here. I wouldn’t dream of transferring now.”

“Kahit kailan, bolero ang anak n’yo,” nakangiting sabi ni Anabelle sa mag-asawa.

“Hay naku! Jimbo has told us so much about you, Hija,” tugon ni Dra. Rosales. “And about your sister, too.”

Napakislot si Leona sa kinatatayuan. Ano kaya ang mga ikinukuwento ni Jimbo sa pamilya nito tungkol sa kanya?

“So, do you want to stay here?” kumpirma ni Dr. Rosales.

“I definitely do, Daddy,” mariing tugon nito. “And I want Dra. de Guzman to be my surgeon and doctor forever.” Bumaling ito kay Leona. “And I want Leona to be my... nurse,” mahinang sabi nito habang

nakatingin sa kanya.

Namumula ang mukha na nagpaalam na siyang umalis dahil sa naghihintay ang kanyang mga pasyente.

Nang gabing iyon ay binasa at pinag-aralang muli ni Leona ang nursing interventions sa mga pasyenteng inoperahan ng appendectomy.

“Bakit mo pa pinag-aaralan ang mga ’yan?” sita ni Anabelle habang naghahanap ng libro sa shelves ng library. “Hindi naman ikaw ang nurse ni Jimbo.”

“Malay mo, magkaroon din ako ng pasyenteng may ganitong kaso.”

“Natatawa nga ako kapag naaalala ko si Jimbo, eh,” sabi nito. “Akala ko talaga, umaarte lang siyang namimilipit sa sakit ng tiyan, iyon pala, totoo na. Mabuti na lamang at hindi na ako pumayag na lumabas pa kami ng hospital.”

“Ate, gusto mo rin ba si Jimbo?” wala sa loob na tanong niya.

“I don’t know,” natatawang tugon nito. “But he’s more fun to be with than Ted.” Ang kasintahan ang tinutukoy nito.

“Pa’no kapag... nanligaw na siya sa ’yo?”

Nakangiting nagkibit-balikat lang ito. Naglakbay ang mga mata niya sa kabuuan ng kapatid.

Naka-shorts na maiksi si Anabelle at nakasandong puti. Totoong napaka-sexy nito. Hindi niya tiyak kung ganoon din siya ka-sexy o kung ganoon din kaganda ang katawan niya. Hindi niya alam kung maganda rin siyang magdala ng damit. Hindi niya alam dahil ngayon na lang siya muling na-conscious sa kanyang hitsura.

Sinuwerte si Leona dahil kinabukasan ay halos sabay-sabay na na-discharge ang lahat ng pasyente niya samantalang maraming mga pasyente si Mae. At dahil kailan lamang nito nahawakan si Jimbo, ang binata na ang in-assign sa kanya ng head nurse.

Masaya niyang tinungo ang silid nito nang oras na ng kanyang shift upang kumuha ng vital signs at magpainom ng gamot.

Ibinaba ni Jimbo ang binabasang diyaryo nang makita siya. “Hi!” biglang sandal sa headboard na bati nito.

Ngiti lang ang itinugon niya, pagkuwa’y ibinaba

ang mga dala sa mesa.

“Marami pa ring mga pasyente si Mae?” tanong nito.

“Oo. Kaya ako na ang magiging nurse mo habang nandirito ka.”

“Really? That’s good!” Sumulyap ito sa nakababatang kapatid na babae na siyang kasalukuyang nagbabantay rito. “Hey, Espie, you know her already, don’t you?” tanong nito.

“Yeah, Kuya,” nakangiting tugon nito. “She was here last night and she’s Dra. de Guzman’s sister.”

“That’s right.”

Ngumiti siya kay Espie habang inihahanda ang mga gamot ni Jimbo.

“You look so simple,” puna ni Espie. “Is that a basic requirement in your profession?”

“Partly yes, partly not,” tugon niya. “Exaggerated accessories or jewelries are definitely not allowed,” patuloy niyang sabi. “We have to braid or ponytail our hair or keep it short so that it won’t get in the way. Besides, I’m really a simple person.”

Tumango lang si Espie. Iniabot niya ang mga

gamot kay Jimbo.

“Thanks,” nakangiting tugon nito.

Nang mainom nito ang mga gamot ay itinaas niya ang sleeve ng shirt nito at saka inilagay ang blood pressure apparatus. Inilagay niya sa axilla ang thermometer at saka niya ito kinuhanan ng BP.

Pinagmasdan ni Jimbo ang mga ginagawa niya. “Your sister told me na candidate ka for head nurse.”

“Don’t believe her,” nakangiting sabi niya.

“Mukha ngang magaling ka naman.”

Tinanggal niya ang apparatus, pagkuwa’y ang thermometer. Nagulat pa siya nang matantong may lagnat ito. “May lagnat ka pala hindi mo sinasabi,” sita niya.

“Sinat lang ’yan,” kubit-balikat nito.

“Anong sinat? Thirty-nine degree celsius!”

“C’mon, Leona—”

“Ikukuha kita ng paracetamol at pupunasan kita, okay?”

“Ikaw ang bahala.”

Nakangiting sinundan siya ng tingin ng binata

nang lumabas siya ng silid.

“She’s beautiful, Kuya,” nakangiting sabi ni Espie.

“I know,” tugon nito. “Kaya nga magpapatagal ako dito. Imagine, I have two beautiful women taking care of me.”

“Kapal mo!”

Nang bumalik si Leona ay may dala na siyang gamot sa lagnat, towel at basin na may tubig. Ipinainom muna niya ang gamot, pagkuwa’y marahan na tinanggal ang kumot na nakatakip sa katawan ng binata. Dahan-dahan niyang itinaas ang kamiseta nito, pagkuwa’y binasa ang towel at pinunasan ang dibdib nito. Napangiting umiling siya at ibinaba ang kamiseta nito. Nakalimutan niya itong punasan sa mukha at leeg.

“At last, mararanasan ko rin ang sinasabi nilang TLC—tender loving care,” sabi ni Jimbo.

Hindi alam ni Leona pero nanginginig ang kanyang mga kamay habang pinupunasan ito. Ang pakiramdam niya ay lalo pang uminit ang katawan ng binata nang bumaba ang kamay niya sa dibdib nito.

Ibinalik niya ang kumot at saka pinunasan ang mga hita nito. Napatingin ito sa kanya. Naiilang na

iniiwas niya ang kanyang mga mata.

“Napakasuwerte naman ng mga nagiging pasyente mo,” sabi nito.

Napapangiting pasulyap-sulyap si Espie sa dalawa nang tumagal ang kamay niya sa ibabang bahagi ng katawan ni Jimbo. Napansin niya iyon kaya itinigil niya kaagad ang ginagawa. Ibinalik niya ang towel sa basin.

“Tapos na ba?” tanong nito.

Tumango siya, nahihiya at pinamumulahan ng pisngi.

“Why so fast? It should be fifteen minutes, right?” paniniyak nito. “And besides, hindi pa bumababa ang lagnat ko.”

“Enough na at baka ginawin ka,” hindi tumitingin ditong sabi niya. “Kung may kailangan ka, nasa counter lang ako.” Hindi pa man nakakatugon ang binata ay binirahan na niya ng alis.

Takang sinundan na lamang siya nito ng tingin. Napabunghalit naman ng tawa si Espie.

Nang makarating sa counter ay hindi napigilan ni Leona ang mapangiti.

“O, mukhang masaya ka?” puna ni Mae.

“Oh, Mae! Ang guwapo talaga niya!”

“Hay naku! Kinikilig ka na nga kay Jimbo,” ngiti nito. “Ang laki talaga ng tama mo sa guwapong ’yon. Pero, Hija, alalahanin mo lang na may iba siyang gusto. At kapatid mo pa!”

Biglang pumormal ang mukha niya. “Ikaw naman, sinisira mo ang araw ko.”

“Sorry. Nagpapaalala lang ako.”

“It doesn’t matter kung hindi niya ako gusto,” masayang sabi niya. “Basta’t gusto ko siya. No one can stop me from feeling this way.”

Iiling-iling na tumalikod paalis si Mae. “The girl’s madly in love,” bulong nito habang tinutungo ang pantry. “Oy, halika na’t magmerienda na tayo!”

Nanatiling nangangarap si Leona.